# Hindi sasapit ang Huling Sandali hanggang sa magpayabangan ang mga tao sa mga masjid."}

Ayon kay Anas (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Hindi sasapit ang Huling Sandali hanggang sa magpayabangan ang mga tao sa mga masjid."}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud, Imām An-Nasā'īy, at Imām Ibnu Mājah]

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na kabilang sa mga palatandaan ng pagkalapit ng Araw ng Pagbangon at pagwawakas ng Mundo ay ang pagpapayabangan ng mga tao sa pagpapalamuti ng mga masjid nila o ang pagpapayabangan nila sa kamunduhan nila sa loob ng mga masjid, na hindi naman ipinatayo kundi para sa pag-alaala kay Allāh.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee